5

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay- Aralin sa Filipino

Kuwarter 2

Linggo 1

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Asignatura 5**
**Kuwarter 2: Linggo 1**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat: Maria Fe G. Hicana**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| **_I._ NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata) at tekstong impormatibo (balita), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tuwirang balita tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad o bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nauunawaan ang tekstong naratibo (tulang pambata).**<br>*a. Natutukoy ang mahahalagang detalye.*<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.**<br>*a. panandang konteksto –pagbibigay kahulugan*<br>*(Ikatlong araw)*<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>*a. Pang-uring Pamilang*<br>• *pahalaga*<br>*(Ikaapat na araw)*<br>**Nakabubuo ng pahayag gamit ang langkapang pangungusap.**<br>*(ikalimang araw)*<br>**Natutukoy ang mga elemento ng multimedia**<br>• *audio (dialogue)* |
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo |

| | |
|---|---|
| | AKDANG NARATIBO:<br>Tulang Pambata<br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: a. Pang-uring Pamilang (pahalaga)<br>Langkapang Pangungusap<br>TEKSTONG BISWAL:<br>*Audio (dialogue)* |
| **D. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Pamilya |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/<br>Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>Ang Aking Pamilya. Awitin para sa Pamilya. (2021). https://www.youtube.com/watch?v=wBIQAD4g4qU<br>Masayang Pamilya. (2024).https://soundcloud.com/mary-jane-carino/learning-resource-51-masayang-pamilya-awit<br>Mastering Audio Normalization sa Spotify: Isang Kumpletong Gabay. (2024). https://www.capcut.com/tl-ph/resource/audio-normalization-spotify<br>Barangay Love stories. (2024). Episode 96: “Nag-iisang Pamilya.” https://www.listennotes.com/podcasts/barangay-love/episode-96-nag-iisang-pamilya-3HNVpftnYAe/ |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**TULAWIT:** Pag-awit sa mga tula.<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Awitin para sa Pamilya:** Gamitin ang link na ito upang maging gabay sa pag-awit o maaaring i-*download*:<br>Ang Aking Pamilya: https://www.youtube.com/watch?v=wBIQAD4g4qU | Ipaalala sa mga mag-aaral na ang tula ay maaaring lapatan ng himig upang maging awitin. Maaaring i-*download* na ang awitin kung walang *internet* sa paaralan. |

| | | |
| --- | --- | --- |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **EMO-PILI: NGITI**  **O NGIWI** <br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Gawing gabay ang mga tanong sa ibaba tungkol sa tatalakaying tula bilang aralin. Piliin ang *emoticon* na **ngiti** kung nais sagutin ang tanong at kung **hindi** ang sagot ay piliin ang **ngiwi**. Ipaliwanag ang sagot pagkatapos.<br>1. May nabasa ka na bang tula o naisulat?<br>2. Anong uri ng tula na ang nabasa o naisulat mo? Ibahagi ito.<br>3. Anong paksa ng tula ang nais mng basahin? Bakit?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Hulagot:** Humanap ng kapareha. Bago basahin ang tula basahin ang mga pangungusap na nakatala. Ibigay ang kahulugan sa denotasyon at konotasyon ng bawat salitang nakaguhit.<br><br>**1. Denotasyon:** Kailangang matibay ang haligi ng bahay para hindi agad masira.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>**Konotasyon:** Ang aking tatay ang haligi ng aming tahanan.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>**2. Denotasyon:** Nasira ang ilaw ng aming bahay.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>**Konotasyon:** Si Nanay ang ilaw ng aming tahanan.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>3. **Denotasyon:** Nakita mo ba ang mga tala kagabi?<br>**Kahulugan:** ____________________<br>**Konotasyon:** Nagsisilbing tala sa buhay ko ang aking mga magulang.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>4. **Denotasyon:** Gumising ka na at mataas na ang araw.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>**Konotasyon:** Ang mga magulang ko ang nagsilbing araw sa buhay ko.<br>**Kahulugan:** ____________________<br>5. **Denotasyon:** Utang ko ang buhay ko sa aking mga magulang. | Maghanda ng *emoticon* na nakangiti at nakangiwi.<br><br>Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipasagot ang ilang tanong. Hayaang papiliin ng *emoticon* at ipapaliwanag ang sagot.<br><br>Bago ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging ito ay ipaalala ang talakay sa kahulugan ng Denotasyon at Konotasyon sa unang kuwarter. Pumili ng magkapareha upang ilahad ang kanilang sagot. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Kahulugan: ___________________________________<br>Konotasyon: Maging matapang ka sa <u>tunggalian sa buhay.</u><br>Kahulugan: ___________________________________</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>3. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>FAMILY BONDING: Ang Aking Pamilya<br>Kaugnay na Paksa 1: Ang Aking Pamilya<br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>Gawing patnubay ang mga gabay na tanong upang maiugnay ang mga dating karanasan ng mag-aaral sa inaasahang matututuhan bago basahin ang tampok na aralin.<br>1. Paaano mo ilalarawan ang inyong pamilya?<br>2. Sino-sino ang miyembro ng iyong pamilya sa inyong tahanan?<br>3. Ano ang naramdaman mo matapos basahin ang tula?<br><br>Pagbasa ng Tula<br>Ang Aking Pamilya<br>Ni: Maria Fe G. Hicana<br><br>Ako’y biniyayaan ng pamilya<br>Sa hirap at ginhawa kami’y magkasama<br>Kapag nagkamali ako’y inuunawa<br>Anoman ang problema may hatid na tuwa<br><br>Si ama ang haligi ng aming tahanan<br>At si ina naman ang ilaw ng tahanan<br>Sila’y nagpapakahirap para sa aming pag-unlad<br>Pagmamahal nila sa amin ay walang klatulad<br><br>Mga magulang ko ang siyang aking gabay<br>Sa bawat araw sila ang tala ng aking buhay<br>Buhay nila’y sa akin inalay<br>Upang sa buhay ako’y magtagumpay<br><br>FAMILY TIME: Sama-samang pagsasanay.</td>
<td>Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang tula.<br><br>Makabubuting ipabasa ang tula nang sabay-sabay.</td>
</tr>
</table>

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

A. Tukuyin ang mahahalagang detalye batay sa tulang binasa. Isulat ang sagot sa patlang.

1. Tungkol saan ang binasang tula?
**Sagot:** ____________________________________________________________

2. Ano ang ibig sabihin ng linyang ito: *Kapag nagkamali ako'y inuunawa?*
**Sagot:** ____________________________________________________________
____________________________________________________________

3. Ano ang ipinahihiwatig ng ikalawang saknong ng tula?
**Sagot:** ____________________________________________________________
____________________________________________________________

4. Ano ang inialay ng mga magulang sa bata?
**Sagot:** ____________________________________________________________

5. Ano ang aral na napulot mo sa binasang tula?
**Sagot:** ____________________________________________________________

**IKALAWANG ARAW**

***FAMILY FIRST*: Pamilya ang uunahin sa gitna ng problema**

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

A. **AKROSTIK.** Bumuo ng pitong miyembro at bumuo ng tula sa pamamagitan ng pagbibigay ng kahulugan ng arostik na PAMILYA.

**P-**
**A-**
**M-**
**I-**
**L-**
**Y-**
**A-**

| | | |
|---|---|---|
| | Ang guro ay magpaparinig sa mga mag-aaral ng isang *podcast* mula sa *spotify*. Ang iparirinig ay diyalogo tungkol sa pamilya.<br>Matapos makinig ng mga mag-aaral, itanong ang sumusunod:<br>1. Nakikinig ba kayo ng mga kuwento sa radyo o *podcast*?<br>2. Ano ang nadama ninyo matapos mapakinggan ang kuwento?<br>3. Makabuluhan pa rin ba para sa inyo ang kuwento kahit hindi ninyo ito nakikita dahil naririnig ninyo lamang ito?<br>4. May mga napansin ba kayong pagkakaiba ng radyo sa *podcast*?<br>5. Kung papipiliin ko kayo sa radyo o *podcast*, anong pipiliin ninyo at bakit?<br><br>Pagkatapos nito, tatalakayin ng guro ang hinggil sa *multimedia* partikular ang uri nito na *audio* na may kinalaman sa diyalogo. Gawing gabay ang *link* sa paggawa nito.<br><br>B. **SPOTIFAMILYA**. Irekord ang ginawang tula sa binuong akrostik ng Pamilya sa *Spotify* sa pamamagitan ng *podcast*.<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: A. Pang-uring Pamilang: Pahalaga**<br>**B. Langkapang Pangungusap**<br><br>**A. Ipabasa ang nakasulat sa talahanayan:**<br><br>1. **Sampung piso** lamang ang baon na ibinigay sa akin ni Inay pagpasok sa paaralan.<br>2. Ang aming bahay ay higit sa **isang milyon** ang presyo.<br>3. Nagpadala ang aking Nanay ng **tatlong libo** sa gcash.<br>4. Umaabot sa **limang daang piso** ang kita ni Itay kada araw.<br>5. Nagbigay ako ng **piso** sa pulubi.<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**<br>1. Ano ang napansin mo sa mga initimang salita?<br>**Sagot:** ____________________________________________ | Ipaalala sa mga mag-aaral na ang paksa tungkol sa **Pang-uri** at ang mga uri ng pang-uring pamilang ay natalakay na sa unang kuwarter. Bigyang-diin ng guro ang **Pang-uring pamilang na pahalaga.** Ipabasa ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipasagot ang mga tanong.<br><br>Magdala ng *play money* ang guro at hayaang maglaro ang mga mag-aaral ng *modified Millionaoire's game.* |

2. Anong uri ng mga salita ang ginamit sa paglalarawan?
**Sagot:** ________________________________________________
3. Anong uri ng mga pang-uri ang nakasaad sa bawat pangungusap?
**Sagot:** ________________________________________________
4. Paano nagkakaiba ang mga ito?
**Sagot:** ________________________________________________
5. Ano ang kaibahan ng pang-uring pamilang sa ibang pang-uri na iyong natutuhan?
**Sagot:** ________________________________________________

**Talakayin ng Guro:** Balik-aralan ang tungkol sa pang-uring pamilang na tinalakay sa Unang Kuwarter. Tinatawag na **Pang-uri** ang mga salitang naglalarawan. Maaaring ang inilalarawan nito ay katangian ng pangngalan o panghalip. Nahahati ang pang-uri sa dalawang uri:

**a. Pang-uring panlarawan-** naglalarawan ng kulay, anyo, hugis at iba pang katangian na may kaugnayan sa paningin, pang-amoy, panlasa, pandinig, at pandama.

**b**. **Pang-uring Pamilang** – naglalarawan ng bilang, dami, at halaga.
Isa sa mga uri nito ay pahalaga.
*Pahalaga* – tumutukoy sa halaga o presyo.
Halimbawa: a. Kulang ang **trilyon** upang tumbasan halaga ng pamilya.
b. **Dalawang libo** lang ang upa namin sa bahay.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay.** Magtala ng limang halimbawa ng pang-uring pamilang na pahalaga at gamitin ito sa pangungusap.

| Pahalaga | Pangungusap |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

Ipaalala sa klase na ang **langkapang pangungusap** ay natalakay na sa unang kuwarter. Bigyang-diin ng guro ang langkapang pangungusap. Ang iba pang Uri ng Pangungusap ay natalakay na sa Ikaapat na baitang. Ipabasa ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipasagot ang mga tanong.

| | |
|---|---|
| 4. | |
| 5. | |

3. **Paglalapat at Pag-uugnay.**

***Modified Millionaire's Game*:** Hatiin sa dalawang pangkat ang klase na bubuo sa dalawang pamilya. Maglalaan ng mga larawan ang guro ng bahay, kotse, *condominium, mall*, motor, industriya at iba pang ari-arian. Lagyan ito ng presyo ng guro. Hayaang magpasya ang bawat pamilya sa pagbili nito. Kung sino ang may pinakamalaking kita o *asset* ang tatanghaling panalo.

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: B. Langkapang Pangungusap**

1. Masaya ang aming pamilya at tahimik kaming nabubuhay *datapwat* may ilang problemang dumarating.
2. *Kahit na* hindi ako tunay na anak ng aking mga magulang ay ipinaramdam nila sa akin ang lubos na pagmamahal at inuunawa nila ako sa lahat ng aking kamalian.

**1. Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano ang napansin sa mga salitang nakahilig?
   **Sagot:** ____________________________________________
2. Anong uri ng sugnay ang mga may guhit?
   **Sagot:** ____________________________________________
3. Anong kayarian ito ng pangungusap?
   **Sagot:** ____________________________________________
4. Ano-ano ang bumubuo sa langkapang pangungusap?
   **Sagot:** ____________________________________________
5. Ano ang kaibahan ng langkapang pangungusap sa iba pang kayarian ng pangungusap?
   **Sagot:** ____________________________________________

**Talakayin ng Guro:** Ang **langkapang pangungusap** ay isa sa mga kayarian ng pangungusap. Ito ay binubuo ng ng dalawang sugnay na makapag-iisa at isa o

higit pang sugnay na di-makapag-iisa. Ginagamitan din ito ng mga pangatnig. Maaaring ipakita sa ganitong dayagram:

| dalawang sugnay na makapag-iisa + isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa; paggamit ng pangatnig | unang dalawang pangungusap + sumusuporta sa unang dalawang ideya |
|---|---|

Halimbawa: **Masaya ang aming pamilya at tahimik kaming nabubuhay** datapwat may ilang problemang dumarating.

Ang unang dalawang bahagi ng pangungusap na initiman ay dalawang sugnay na makapag-iisa at ang huling bahagi ng pangungusap ay isang sugnay na di-makapag-iisa. Ang pangatnig na ginamit sa pangungusap ay *datapwat.*

**2. Pinatnubayang Pagsasanay.**

A. Sumulat ng sariling pangungusap gamit ang mga pangatnig na nakasaad.

1. kahit na
**Pangungusap:** ______________________________________________

2. datapwat
**Pangungusap:** ______________________________________________

3. pero
**Pangungusap:** ______________________________________________

4. para sa
**Pangungusap:** ______________________________________________

5. kung
**Pangungusap:** ______________________________________________

**3. Paglalapat at Pag-uugnay.**

Bilugan ang pangatnig na ginamit sa pangungusap at guhitan ang mga sugnay.

1. Ako ay biniyayaan ng pamilya at sa hirap at ginhawa kami’y magkasama; kapag nagkamali ako’y inuunawa.

2. Si ama ang haligi ng aming tahanan, at si ina naman ang ilaw ng tahanan; kaya sila’y nagpapakahirap sa aming pag-unlad

3. Mga magulang ko ang siyang aking gabay at sa bawat araw sila ang tala ng aking buhay upang umunlad ang aking buhay

4. Ang mga magulang ko’y handang magpakasakit at ang pagmamahal nila sa amin ay walang klatulad kung kaya ako’y handang sumunod sa kanilang inuutos.

5. Nararapat na pahalagahan ang mga magulang gayundin ang pagpapahalaga sa bawat miyembro ng pamilya dahil walang salapi ang kayang ipanumbas sa halaga nito.

**4. Paglalahat**

***FAMILY FEUD*: Pahusayan ng pamilya.**

- **Pabaong Pagkatuto**

**A.** Triad. Bumuo ng tatlong miyembro. Basahing muli ang tula: “Ang Aking Pamilya.” Subukang lapatan ito ng himig at irekord sa *Spotify*. Ilahad ito sa klase. Gawing batayan ang rubrik.

| **Pamantayan** | **5**<br>**Lubos na Katanggap-tanggap** | **3**<br>**Katanggap-tanggap** | **1**<br>**Hindi Katanggap-tanggap** |
|---|---|---|---|
| Nalapatan ng wastong himig ang tula | | | |
| Maayos na nailahad ang pag-pawit sa | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| tula | | | |
| Napagtagumpayan ang pagtatanghal | | | |
| Tinanggap ng madla ang itinanghal | | | |
| **Kabuoang Puntos** | | | |

**B.** Batay pa rin sa tekstong binasa, sumulat ng limang langkapang pangungusap sa kuwaderno. Guhitan ang mga pangatnig na ginamit.
**C.** Sa kuwaderno pa rin, maglista ng limang pang-uring pamilang na pahalaga.

- **Pagninilay sa Pagkatuto**

**Halaga ng Kapuwa:** Basahing mabuti angbawat tanong at pagnilayan ang sagot hinggil dito.

1. Bakit mahalaga ang pamilya?
2. Paano mo ilalarawan ang inyong pamilya?
3. Sa iyong paglaki, ano ang nais mong buoing pamilya> Ipaliwanag.

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pagsusulit.**<br>A. Guhitan ang mga **pang-uring pamilang na pahalaga** sa bawat pangungusap at sumulat ng sariling pangungusap.<br><br>1. Sa laki ng aming pamilya, kinulang ang dalang limang libo ng aking ina sa pagbayad ng kinain namin.<br>**Pangungusap:** ____________________________________________ | |

2. Sa halagang sampung piso ay nakabili ako ng pastil.
**Pangungusap:** ____________________________________________

3. Isandaan na lang ang kulang para mabuo ang ipon ko.
**Pangungusap:** ____________________________________________

4. Dalawang bente pa ang kailangan para sa handa.
**Pangungusap:** ____________________________________________

5. Nagkakahalaga ng tatlong milyon ang bahay na nais ni tatay.
**Pangungusap:** ____________________________________________

B. Lagyan ng *emoticon* na ngiti 😊 kung tama ang pahayag tungkol sa pamilya at *emoticon* na ngiwi ☹ kung ito ay hindi naman tumutugon.

___________ 1. Binubuo ng lamang ng isang anak ang pamilya.
___________ 2. Kung walang anak ang nanay at tatay, hindi ito pamilya.
___________ 3. Lolo at lola ang tawag natin sa mga magulang ng ating ama at ina.
___________ 4. Nakasulat sa *family tree* ang mga kasapi ng ating pamilya at ang pinagmulan ng ating lahi.
___________ 5. Dapat nating ikahiya kung mahirap ang ating pamilya.
___________ 6. Itinatago ko ang pagkain kapag may dumating na hindi namin kapamilya.
___________ 7. Inaayos ko ang aming mga damit batay sa kung sino ang may ari nito.
___________ 8. Tinatapon ko ang mga laruan na binili sa akin ng aking mga magulang dahil hindi na ako naglalaro.
___________ 9. Kung may nagkakamali sa aming pamilya ay hinahayaan lamang ito.
___________ 10. Hindi lahat ng pamilya ay may nanay at tatay.

C. Sumulat ng langkapang pangungusap gamit ang mga pangatnig.
1. pero- ____________________________________________
2. kaya- ____________________________________________
3. dahil- ____________________________________________
4. subalit- ____________________________________________
5. ngunit- ____________________________________________

Kailangang gabayan ng guro ang mga mag-aaral habang pinapaklinggan ang audio ng kuwento tungkol sa "Nag-iisang Pamilya" upang maintindihan ito. Maaaring ibuod ng guro ang kuwento.

| | | |
|---|---|---|
| | D. Pakinggan ang *podcast* ng *Spotify* tungkol sa Episode 96: "Nag-iisang Pamilya."<br>*https://www.listennotes.com/podcasts/barangay-love/episode-96-nag-iisang-pamilya-3HNVpftnYAe/*<br>Ipaliwanag ang kahulugan ng napakinggan sa kuwento. Gawing gabay ang nasa talahanayan.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>1. Pakinggan ang awiting ito at gumawa ng maikling dayalogo tungkol sa masayang pamilya. Narito ang link:<br>https://soundcloud.com/mary-jane-carino/learning-resource-51-masayang-pamilya-awit<br>Ilahad ito sa klase.<br>2. Pag-aralan ang tungkol sa **Kuwentong Katatakutan** para sa susunod na paksa. | |

| ***AUDIO*** | **PALIWANAG** |
|---|---|
| **Nag-iisang pamilya** | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
| **Pagiging baog** | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
| **Wagas na pag-ibig** | ____________________<br>____________________<br>____________________ |

<table>
<tr><td rowspan="5">E. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>F. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<ul><li><u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</li><li><u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</li><li><u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</li></ul></td><td></td></tr>
</table>


| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Maria Fe G. Hicana | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |